# ANG TAGAPAMAGITANG Epekto ng Kasanayang Pangkomunikatibo sa pagitan ng ugnayan ng Pakikilahok at Pang-akademikong Motibasyon ng mga MAG-AARAL

***Shane Dale P. Abaquita[1], Mildred P. Galvez, PhD[2]***

[1]Teacher, Koronadal National Comprehensive Pre-School, Koronadal City
itsmeshanedale@gmail.com

[2]Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
mgalvez@uic.edu.ph

**ABSTRAK**

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong deskriptib-korelasyonal na naglalayong suriin ang antas at ugnayan ng pakikilahok, akademikong motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo ng dalawang daan at limampung mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng Senior High School sa Lungsod ng Koronadal, Probinsya ng Timog Cotabato. Pinili ang mga respondente gamit ang purposive random sampling upang matiyak ang representasyon ng mga mag-aaral. Gumamit ng isinaling talatanungan na hinango mula sa mga naunang pag-aaral. Ipinroseso ang mga datos gamit ang mean, standard deviation, pearson r correlation, at mediation analysis na sinamahan ng bootstrapping technique upang matukoy ang direkta at hindi direktang epekto ng mga baryabol. Lumabas sa resulta na ang lahat ng baryabol ay nasa mataas na antas at may positibong ugnayan sa isa't isa. Natukoy rin na ang kasanayang pangkomunikatibo ay may bahagyang tagapamagitang epekto sa ugnayan ng pakikilahok at akademikong motibasyon. Iminumungkahi ng pag-aaral ang paggamit ng mga komunikatibo at interaktibong estratehiya sa pagtuturo upang higit pang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

*Susing salita: kasanayang pangkomunikatibo, pakikilahok ng mga mag-aaral, akademikong motibasyon, Pilipinas*

---

## INTRODUKSYON

Ang kasanayang pangkomunikatibo ay isang kakayahang hindi lamang nakabatay sa kaalaman sa wika kundi naiimpluwensyahan din ng mga salik tulad ng kaligirang sosyal sa silid-aralan, motibasyon, at saloobin ng mga mag-aaral. Ayon kina Dipolog et al. (2020), ang konteksto ng silid-aralan ay may direktang epekto sa paghubog ng kakayahang ito, kaya't mahalagang isaalang-alang ang ugnayan ng wika at lipunan. Suportado ito ng pananaliksik nina Fuertes et al. (2020), na nagsasabing ang aktibong partisipasyon sa mga gawaing panlipunan tulad ng service-learning ay nakatulong sa paglinang ng kasanayang pangkomunikatibo sa pamamagitan ng makabuluhang interaksyon. Gayundin, ipinakita ni McNatt (2020) na ang ganitong mga karanasan ay nagpataas ng kumpiyansa at husay sa pakikipagtalastasan, partikular na mga babaeng mag-aaral. Gayunman, nananatiling hamon ang kakulangan sa mga oportunidad

at pagsasanay upang lubusang malinang ang kasanayang ito, na nagiging hadlang sa epektibong partisipasyon at pag-unlad ng mga mag-aaral sa akademikong larangan.

Ipinakita sa pag-aaral ang kahalagahan ng kasanayang pangkomunikatibo sa edukasyon. Sa pananaliksik nina Brown, et. al. (2018) sa mga mag-aaral sa South Korea, natuklasan na ang mataas na kasanayan sa komunikasyon ay nagdudulot ng mas mataas na lebel ng pakikilahok sa klase at mas mabuting akademikong resulta. Sa parehong konteksto, ipinakita ng isang pagsusuri ni Littlewood (2014) sa Hongkong na ang komunikasyon ay mahalaga hindi lamang sa pagsasalita kundi pati na rin sa pakikilahok sa pangkatang gawain at proyekto na nagtaguyod ng kritikal na pag-iisip. Dagdag pa rito, ayon kay Richards (2015), ang epektibong komunikasyon sa loob ng silid-aralan ay nagsilbing pundasyon ng makabuluhang pagkatuto at kolaborasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa Australia.

Maraming pananaliksik ang tumatalakay sa epekto ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Sa pag-aaral ni Santos et al. (2021), inilahad na ang kakulangan sa kasanayang pangkomunikatibo ay patuloy na nakaaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa mga asignaturang nangangailangan ng akademikong pagsulat at presentasyon. Bukod dito, natuklasan ni Tupas (2019) na ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo ay nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pakikilahok at motibasyon ng mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya. Isinulong din ni Espiritu (2020) ang kahalagahan ng integrasyon ng komunikatibong pagsasanay sa lahat ng asignatura upang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan.

Natuklasan nina Delos Santos et al., (2020), na maraming mag-aaral ang nahihirapang makibahagi sa talakayan sa klase bunga ng kakulangan sa kasanayang pangkomunikatibo, kapuwa sa Ingles at Filipino. Sa pag-aaral ni Almario (2018) sa mga pampublikong paaralan sa Maynila, lumabas na ang mga mag-aaral na aktibong kasali sa mga extracurricular na mga aktibidad gaya ng debate at Teatro ay mas mataas ang antas ng akademikong motibasyon. Bukod dito, ipinakita ni Perez (2021), na ang kolaboratibong aktibidad na may diin sa komunikasyon ay nakatutulong sa pagpapataas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa Senior High School.

Ang pananaliksik na ito ay tumuon sa pagsusuri ng tagapamagitang epekto ng kasanayang pangkomunikatibo sa ugnayan ng pakikilahok at akademikong motibasyon. Batay sa teorya nina Vygotsky (1978) at Bandura (1986), ang kasanayang pangkomunikatibo ay gumanap bilang isang mahalagang salik na nagpahusay sa interaksiyon ng mga mag-aaral, na naging daan sa aktibong pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko. Ang aktibong pakikilahok na ito ay nagbunsod ng mas mataas na antas ng akademikong motibasyon, dahil mas nagkaroon ang mga mag-aaral ng kumpiyansa, interes, at layunin sa kanilang pag-aaral. Ang tatlong baryabol-pakikilahok, akademikong motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo ay nagpakitang magkaugnay at nagtulungan upang mapabuti ang karanasan sa pagkatuto. Ang kasanayang pangkomunikatibo ay hindi lamang nanatiling kasanayan, kundi ito rin ang nagsilbing tulay na nagdugtong sa aktibong pakikilahok at sa mas mataas na motibasyon ng mag-aaral. Sa konteksto ng edukasyon, ipinakita sa masiglang pakikilahok ang pundasyon ng mas matibay na pagnanais na magtagumpay sa akademiko. Higit pa rito, kaayon ang mga natuklasan sa mga layunin ng United Nations Sustainable Development Goals, partikular ang SDG 4: Quality Education at SDG 10: Reduced Inequalities (United Nations, 2015), sapagkat ang pagpapaunlad ng kasanayang pangkomunikatibo ay nagtataguyod ng inklusibong edukasyon at nagbibigay ng pantay na oportunidad para sa lahat ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, humihigit ang kahalagahan ng komunikasyon sa silid-aralan, dahil ito'y may mas malawak na implikasyon tungo sa pandaigdigang adhikain na makalikha ng isang edukado, makatarungan, at pantay na

lipunan.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, kakaunti ang pananaliksik na tumuon sa tagapamagitang epekto ng kasanayang pangkomunikatibo sa pakikilahok at motibasyon, lalo na sa konteksto ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Ang mga nakaraang pag-aaral ay kadalasang nakapokus lamang sa direktang relasyon ng dalawa sa mga baryabol. Kaya't layunin ng pananaliksik na ito na punan ang puwang na ito sa literatura upang mas mapalalim ang pag-unawa sa interaksyon ng tatlong baryabol sa lokal na konteksto.

Isinagawa ang presentasyon ng mga natuklasan sa mga akademikong seminar at kumperensya sa edukasyon upang maipakalat ang resulta ng pananaliksik na ito. Bukod dito, nailathala ang artikulo sa mga peer-reviewed journal upang maibahagi ang mga resulta sa mas malawak na madla. Nagsagawa rin ng mga workshop para sa mga guro at administrador upang maipakita ang praktikal na aplikasyon ng pananaliksik sa pagpapabuti ng kasanayang pangkomunikatibo at pagtaas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Bilang bahagi ng pagpalaganap, dumalo rin ang mananaliksik sa mga lokal at internasyonal na kumperensya upang maibahagi ang mga natuklasan sa mas malawak na pamayanang pang-akademiko, makatanggap ng kritikal na puna, at mapalawak ang diskurso ukol sa kasanayang pangkomunikatibo bilang tagapamagitan sa makabuluhang edukasyon.

## TEORETIKAL NA LENTE

*Path A: Pakikilahok sa Akademikong Motibasyon*

Sa teoryang Social Constructivism ni Lev Vygotsky, ang aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa mga akademikong gawain ay may malaking epekto sa kanilang motibasyon. Ang pagkatuto ay nagiging mas epektibo kapag ang mga mag-aaral ay nakikisalamuha at nakikilahok sa mga interaskyong panlipunan. Sa ganitong paraan, nadaragdagan ang kanilang motibasyon at kasanayan sa wika at komunikasyon.

Ang mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa akademikong gawain ay nagdudulot ng pagtaas ng kanilang akademikong motibasyon. Ang patuloy na interaskyon at aktibong partisipasyon sa mga gawain ay nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa at pagnanais na nagtagumpay sa kanilang mga pag-aaral Ang mga positibong interaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang mga guro at kamag-aral ay nagiging  isang pagpapataas ng motibasyon, na tumutulong sa mag-aaral na maging masigasig at magpakita ng mas mataas na antas ng pakikilahok sa akademikong gawain.

*Path B: Kasanayang Komunikatibo sa Pakikilahok*

Sa Self-Determination Theory nina Deci at Ryan, ang motibasyon ng isang mag-aaral ay nakasalalay sa tatlong pangunahing pangangailangan: autonomy, competence, at relatedness. Kapag ang mga mag-aaral ay nakararamdam ng kalayaan sa paggawa ng desisyon (autonomy), may kasanayan (competence), at may ugnayan sa guro at kamag-aral (relatedness) ay mas malamang makilahok sila sa mga gawain, lalo na sa mga gawaing may kinalaman sa kasanayang komunikatibo.

Ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon at nakararamdam ng kalayaan (autonomy), kasanayan (competence), at ugnayan (relatedness) ay mas aktibong makikilahok sa mga gawain na nagpapalakas ng kanilang kasanayang komunikatibo. Ang mas mataas na antas ng pakikilahok sa mga interaktibong gawain ay nagreresulta sa pagpapabuti ng kasanayang komunikatibo ng mag-aaral na nagpapalakas sa kanilang akademikong pagganap.

*Path C: Kasanayang Pangkomunikatibo sa Akademikong Motibasyon*

Sa Engagement Theory nina Kearsley at Shneiderman, ang epektibong pagkatuto ay nagaganap kapag ang mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga gawain na makabuluhan at may praktikal na aplikasyon. Ang tatlong pangunahing prinspiyo ng teorya ay relate, create, at donate. Ang kasanayang pangkomunikatibo ay tumutulong sa mga mag-aaral na makilahok sa mga ganitong gawain, na nagbibigay sa kanila ng mas mataas na antas ng motibasyon upang magpatuloy sa pagkatuto.

Ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mataas na kasanayang komunikatibo ay mas motibado na makilahok sa mga gawain na nagreresulta sa pagtaas ng kanilang akademikong motibasyo. Ang mga interaktibong gawain na may kinalaman sa kasanayan sa wika ay nagpapaigting ng kanilang interes at pagsusumikap sa kanilang pag-aaral. Ang aktibong pakikilahok sa mga gawain na nangangailangan ng kasanayang pangkomunikatibo, tulad ng mga presentasyon o talakayan ay nagpapalakas sa akademikong motibasyon ng mag-aaral na nagpapabuti sa kanilang pang-akademikong tagumpay.

## METODO

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na nakatuon sa pagsuri ng mga datos gamit ang estadistika na pamamaraan upang makapagbigay ng kasagutan sa mga tanong sa pananaliksik (Creswell, 2014). Ginamit ito upang masukat ang antas ng pakikilahok, akademikong motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Naging mahalaga ang ganitong disenyo sa pagkuha ng tiyak at nasukat na datos, gayundin sa pagsuri ng mga ugnayan at posibleng epekto sa pagitan ng mga baryabol (Lumbantobing et al., 2020). Ang descriptive-correlational na disenyo ay ginamit din sa pag-aaral na ito. Ang disenyong ito ay naglalayong ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga baryabol habang sinusuri ang ugnayan ng mga ito (Lodico et al., 2010). Sa pamamagitan nito, naipakita ang kabuuang antas ng pakikilahok, akademikong motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral, habang sinusuri kung may makabuluhang ugnayan ang mga ito. Ang ganitong kombinasyon ay nakatulong upang mas maintindihan ang kabuuang epekto at interaksyon ng mga baryabol sa isa't isa. Ginamit din sa pananaliksik na ito ang pagsusuri sa mediating variable. Ang kasanayang pangkomunikatibo ay ginamit bilang tagapamagitan sa relasyon ng pakikilahok at akademikong motibasyon. Ayon kina Baron et al. (1986), ang mediating variable ay isang baryabol na nagpapaliwanag kung paano at bakit nagaganap ang relasyon sa pagitan ng independent at dependent na mga baryabol. Sa pamamagitan ng bootstrapping method, sinuri kung ang kasanayang pangkomunikatibo ay may makabuluhang papel sa pag-uugnay ng pakikilahok at akademikong motibasyon.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa tatlong piling Senior High School sa ilalim ng Dibisyon ng Koronadal, Timog Cotabato, isang sentrong pang-edukasyon sa rehiyon. Gumamit ng purposive random sampling upang pumili ng dalawang daan at limampung (250) mag-aaral mula sa ikalabing-isang (11) baitang na may iba't ibang antas ng kasanayang pangkomunikatibo, akademikong motibasyon, at pakikilahok. Ang mga datos mula sa mga respondente ay ginamit upang masuri ang ugnayan at tagapamagitang epekto ng mga baryabol.

Isinagawa ang pananaliksik sa dalawang daan at limampung (250) piling ikalabing-isang (11) baitang mula sa tatlong (3) Senior High School sa Lungsod ng Koronadal, Timog Cotabato, para sa taong panuruan 2024-2025. Napili ang mga kalahok gamit ang purposive random sampling batay sa kanilang antas ng akademikong motibasyon, pakikilahok, at kasanayang pangkomunikatibo. Ang distribusyon ng mga kalahok ay nakabatay sa laki ng populasyon ng

bawat paaralan: limampu (50) mula sa SHS A, pitumpu't lima (75) mula sa SHS B, at isang daan at dalawampu't lima (25) mula sa SHS C. Batay sa datos ng Project TULAY (TUlong Literasi tungo sa Akademikong Yaman), napiling pokus ang mga mag-aaral sa lungsod dahil sa umiiral na hamon sa pagbasa at komunikasyon. Tiniyak ng mananaliksik ang etikal na pamantayan sa pagsasagawa ng pag-aaral, boluntaryo ang partisipasyon, malinaw ang pahintulot, at kompidensyal ang lahat ng datos.

Ginamit ang mean at standard deviation upang masukat ang antas ng pakikilahok at akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mean ay naglayong makita ang pangkalahatang antas ng mga baryabol, habang ang standard deviation ay tumulong upang masuri ang lawak ng pagkakaiba-iba o distribusyon ng mga sagot ng mga respondente. Ginamit ang pearson-r correlation upang matukoy ang relasyon ng mga baryabol. Ang estadistikang ito ay nakapagbigay ng impormasyon kung gaano kalakas at ano ang direksyon ng ugnayan sa pagitan ng pakikilahok, akademikong motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo. Ang resulta ay nagsilbing batayan kung ang mga baryabol ay positibo, negatibo, o walang relasyon sa isa't isa. Ginamit naman ang multiple linear regression upang tukuyin ang epekto ng mga independent na baryabol (pakikilahok), dependent na baryabol (akademikong motibasyon) sa mediating na baryabol (kakayahang pangkomunikatibo). Ang estadistikang ito ay mahalaga upang matukoy kung aling mga baryabol ang may pinakamalaking kontribusyon o epekto sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. At ginamit ang bootstrapping bilang karagdagang pagsusuri upang mapagtibay ang resulta ng regression, partikular na sa pagsusuri ng hindi direktang epekto. Ipinakita ng bootstrapping na ang kakayahang pangkomunikatibo ay bahagyang namagitan sa ugnayan ng pakikilahok at akademikong motibasyon na nagpapatunay ng makabuluhang tagapamagitang epekto.

## MGA RESULTA

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang (11) baitang ng Senior High School sa tatlong (3) aspekto: pangkaugaliang pakikilahok, kognitibong pakikilahok, at emosyonal na pakikilahok. Batay sa datos, ang pangkalahatang antas ng kanilang pakikilahok ay may average na 3.82, na itinuturing na mataas. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may aktibo at kapansin-pansing pakikilahok sa kanilang mga gawain. Samantala, ang kabuuang standard deviation na 0.41 ay nagpapakita ng minimal na pagkakaiba-iba sa mga sagot ng mga respondente, na nangangahulugang may pagkakatulad ang kanilang pananaw hinggil sa kanilang antas ng pakikilahok.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral*

| Pakikilahok ng mga Mag-aaral | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|
| Pangkaugaliang Pakikilahok | 3.94 | 0.50 | Mataas |
| Kognitibong Pakikilahok | 3.69 | 0.46 | Mataas |
| Emosyonal na Pakikilahok | 3.81 | 0.51 | Mataas |
| **Kabuuang mean** | **3.82** | **0.41** | **Mataas** |

Sa Social Constructivism ni Lev Vygotsky, ang ganitong antas ng partisipasyon ay

nagpakita ng isang masiglang pagkatuto na nakaugat sa kolaboratibong interaksiyon kung saan ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang kapuwa at sa kanilang guro. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Santos et al. (2021), na natuklasan ang mataas na pakikilahok ng mga mag-aaral ay kadalasang naiimpluwensiyahan ng isang suportadong kaligiran sa pag-aaral, nakaeengganyong mga pamamaraan ng pagtuturo, at ang likas na motibasyon ng mga estudyante na matuto. Sa parehong linya ng kaisipan, binibigyang-diin nina Dela Cruz et al. (2020), na ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay konektado sa kanilang pananaw ukol sa kahalagahan ng edukasyon bilang hakbang tungo sa mas magandang oportunidad sa hinaharap. Kapag nakita ng mga mag-aaral na may halaga ang kanilang edukasyon, mas malamang na makilahok sila sa mga gawaing pang-akademikong pangkabatiran at pangkaugalian. Sinuportahan din ito ng pananaliksik nina Cebelleros et al. (2023) na nagsabing ang pakikilahok ng mag-aaral ay lubos na naapektuhan ng kalidad ng interaksyon sa loob ng silid-aralan, gayundin ng komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na may direktang impluwensiya sa kanilang akademikong kasiglahan.

*Pangkaugaliang Pakikilahok.* Ang saklaw ng mean para sa indikeytor na ito ay mula sa 3.40 hanggang 4.59. Sa lahat ng mga aytem, ang "Pumapasok ako sa klase araw-araw" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.59, na ikinategorya bilang napakataas. Samantala, ang "Nagtataas ako ng kamay sa klase tuwing may talakayan o gawain" ay nakakuha ng pinakamababang mean na 3.40, na itinuturing na katamtaman. Ang pangkalahatang mean para sa kategoryang ito ay 3.94, na inilalarawan bilang mataas na nagpapahiwatig ng kapansin-pansin ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pananaliksik ay sinuportahan ng pag-aaral nina Cannata et al. (2018), na ang pangkaugaliang pakikilahok ng mga mag-aaral ay lubos na naapektuhan ng kalidad ng interaskyon sa loob ng silid-aralan, gayundin ng komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Sa lokal na konteksto, ipinakita sa pananaliksik nina Galang et al. (2019) na ang pangkaugaliang pakikilahok ay may positibong epekto sa kolaboratibong pagsasanay ng mga mag-aaral sa Senior High School. Dagdag pa rito, natuklasan nina Tejada et al. (2023) na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa pangkaugaliang pakikilahok ng mga mag-aaral na nagpahiwatig sa kahalagahan ng epektibong estratehiya sa pagtuturo upang mapalakas ang aktibong partisipasyon.

*Kognitibong Pakikilahok.* Ang mga mean para naman sa indikeytor na ito ay mula 3.22 hanggang 4.33. Sa lahat ng mga aytem, ang "Nagsusumikap ako sa mga gawain" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.33, na ikinategorya bilang napakataas. Habang ang "Pumupunta ako sa oras ng opisina ng guro upang suriin ang mga takdang-aralin, pagsusulit, at upang magtanong" ay may pinakamababang mean na 3.22, na itinuturing na katamtaman. Karagdagan dito, ang pangkalahatang mean para sa kognitibong pakikilahok ay 3.69, na inilalarawan bilang mataas, na nagpahiwatig na kapansin-pansin at mataas ang antas ng kognitibong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Sinuportahan ng resulta ng pananaliksik ang pag-aaral nina Barlow et al. (2020) na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kognitibong pakikilahok ng mga mag-aaral at mga kasanayan sa pagtuturo ng mga guro sa mga istrand na STEM. Natuklasan din nina Aloka et al. (2018) na ang kognitibong pakikilahok ay isang makabuluhang tagapagpahiwatig ng akademikong tagumpay sa mga mag-aaral sa Kenya. Ipinakita rin sa pag-aaral nina Li et al. (2020) na ang iba't ibang anyo ng kognitibong pakikilahok tulad ng pagiging nakatuon sa gawain at pamamahala ng mga mapagkukunan ay may positibong ugnayan sa kumpiyansa at kahusayan

ng mga mag-aaral sa mga batay sa simulasyon na kaligiran ng pagkatuto.

**Antas ng Pang-akademikong Motibasyon ng mga Mag-aaral**

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang pangkalahatang average na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay humigit kumulang 4.14, na nakategorya bilang mataas na antas ng pang-akademikong motibasyon. Ito ay nagpapahiwatig na ipinamalas ang mataas na antas ng akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Isang pangkalahatang standard deviation na 0.50 ay nagpapahiwatig na may minimal na pagbabago sa baryabol ayon sa pananaw ng mga respondente, na nagmumungkahi na karamihan sa mga mag-aaral ay nagpapakita ng patuloy na mataas na antas ng motibasyon.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pang-akademikong Motibasyon ng mga Mag-aaral*

| Pang-akademikong Motibasyon | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Panloob na Motibasyon | 4.11 | 0.59 | Mataas |
| Panlabas na Motibasyon | 4.16 | 0.57 | Mataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.14** | **0.50** | **Mataas** |

Ang ganitong resulta ay maaaring ipaliwanag sa Liwanag ng Engagement Theory nina Kearsley at Shneiderman, na nagsasaad na ang pagkatuto ay mas nagiging epektibo kung ang mga mag-aaral ay aktibong kasangkot sa mga kolaboratibo, project-based, at makabuluhang gawain. Sa ganitong paraan, ang kanilang motibasyon ay hindi lamang nag-uugat sa personal na layunin kundi pati na rin sa mas mataas na antas ng pakikipag-ugnayan at pakikilahok sa pagkatuto.

*Panlabas na Motibasyon.* Ang saklaw ng mga mean para sa indikeytor na ito ay mula 3.53 hanggang 4.52. Ang aytem 3 "Gusto kong makakuha kami ng mga kaklase ko ng matataas na marka" ay nagtala ng pinakamataas na mean na 4.52 na inuri bilang napakataas habang ang aytem 6 "Gusto kong maging isa sa mga pinakakilalang estudyante sa silid-aralan" ay nagtala ng pinakamababang mean na 3.53 na inuri ay 4.16 na inilarawan bilang mataas na nagpapahiwatig na ipinamalas ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng panlabas na akademikong motibasyon.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay sumusuporta sa pananaliksik nina Adamma et al. (2018) na natuklasan na ang panlabas na motibasyon ay may positibong ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa isang pag-aaral naman ni Serin (2018), ipinakita na ang paggamit ng mga panlabas na gantimpala ay maaaring magpataas ng motibasyon ng mga mag-aaral at mapabuti ang kanilang pagganap sa akademikong larangan. Samantala, sa pananaliksik nina Zaccone et al. (2019), bagaman natuklasan na ang panlabas na motibasyon ay may negatibong epekto sa bisa ng pagkatuto, ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng balanse sa pagitan ng panloob at panlabas na motibasyon upang makamit ang pinakamainam na resulta sa pag-aaral.

*Panloob na Motibasyon.* Ang saklaw ng mga mean para sa indikeytor na ito ay mula 3.84 hanggang 4.42. Ang aytem 3 na "Nag-aaral ako upang mapabuti ang aking mga kasanayan at makakuha ng kaalaman" ay nakatala ng pinakamataas na mean na 4.42 na ikinategorya bilang napakataas habang ang aytem 4 na "Nag-aaral ako madalas dahil gusto ko talagang mag-aral" ay nakatanggap ng pinakamababang mean na 3.84 na ikinategorya bilang mataas. Bukod dito, ang kabuuang mean ng kategorya ay 4.11 na inilarawan bilang mataas at nagpapahiwatig na

ipinamalas ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng panloob na pang-akademikong motibasyon.

Pinagtibay ng resulta ng pananaliksik ang natuklasan ni Maranan (2018), na ang panloob na motibasyon ay may positibong ugnayan sa akademikong pakikilahok at tagumpay ng mga mag-aaral sa isang pamantasang pampubliko sa Luzon. Sa isang pag-aaral naman nina Firat et al. (2018), ipinakita na ang mga mag-aaral sa distance learning ay may mataas na antas ng panloob na motibasyon sa mga e-learning na kapaligiran, na nagpapahiwatig ng kanilang kagustuhang matuto nang kusa. Samantala, sa pananaliksik nina Augustyniak et al. (2016), natuklasan na ang mga mag-aaral na may mataas na panloob na motibasyon ay nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na pagganap sa akademikong larangan.

**Antas ng Kakayahang Pangkomunikatibo ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita ng Talahanayan tatlo (3) ang antas ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang (22) baitang ng Senior High School sa mga aspeto ng kakayahang panlingguwistika, kakayahang sosyolingguwistika, kakayahang pandiskurso, kakayahang functional, at madiskarteng kakayahan. Ang pangkalahatang mean ng antas ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay 3.84 na ikinategorya bilang mataas. Ipinapahiwatig nito na ipinakita ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng kakayahang pangkomunikatibo. Ang pangkalahatang istandard deviation na 0.49 ay nagpahiwatig na may minimal na pagbabago sa baryabol ayon sa pananaw ng mga respondente.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Kakayahang Pangkomunikatibo ng mga Mag-aaral*

| Kakayahang Pangkomunikatibo ng mga Mag-aaral | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Kakayahang Pangkomunikatibo | 3.87 | 0.60 | Mataas |
| Kakayahang Lingguwistika | 3.78 | 0.56 | Mataas |
| Kakayahang Sosyolingguwistika | 3.93 | 0.64 | Mataas |
| Kakayahang Pandiskurso | 3.82 | 0.61 | Mataas |
| Kakayahang Functional | 3.76 | 0.60 | Mataas |
| Madiskarteng Kakayahan | 3.89 | 0.65 | Mataas |
| **Kabuuang Mean** | **3.84** | **0.49** | **Mataas** |

Ang mataas na kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay maaaring ipaliwanag gamit ang *Self-Determination Theory* nina Deci at Ryan, na nagsasaad na ang mga indibiduwal ay natural na motibado na paunlarin ang kanilang sarili kapag natugunan ang tatlong (3) pangunahing sikolohikal na pangangailangan: autonomy, competence, at relatedness. Sa kontekstong ito, ang mga mag-aaral na nakararamdam ng tiwala sa kanilang kakayahan sa komunikasyon ay mas naging may motibasyon na makilahok sa mga interaksyon sa klase, dahil ito ay nagbibigay sa kanila ng pakiramdam ng kahusayan at koneksyon sa iba na mahalaga sa epektibong pagkatuto.

*Kakayahang Sosyolingguwistika.* Ang saklaw ng mga mean para sa indikeytor na ito ay mula 3.87 hanggang 4.00. Ang aytem 3 *"Mayroon akong kakayahang gumamit ng tamang mga anyong gramatikal para sa mga tiyak na estilo o rehistro (halimbawa, impormal at pormal na rehistro)"* ay may pinakamataas na mean iskor na 4.00 habang ang aytem 2 na *"Mayroon akong kakayahang maunawaan ang konteksto ng mga tungkulin ng mga kalahok at ang impormasyong*

*kanilang pinapalitan"* ay nakatanggap ng pinakamababang mean iskor na 3.87. Sa kabila ng pagkakaibang ito, parehong itinuturing na mataas ang dalawa. Bukod dito, ang pangkalahatang mean ng kategorya ay 3.93 na inilarawan din bilang mataas na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng kakayahang sosyolingguwistika at may standard deviation na 0.64.

Pinagtibay ng resulta ng pananaliksik na may mahalagang papel ang kakayahang sosyolingguwistika sa pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Maruf et al. (2023), may matibay na ugnayan ito sa kasanayan sa pagsasalita, habang ipinakita nina Mujinono et al. (2021) na ang e-learning na may sosyolingguwistikang nilalaman ay positibong nakaapekto sa kakayahang ito. Samantala, binigyang-diin naman nina Abd Rahman et al. (2022) ang bisa ng mga interaktibong estratehiya ng mga ESL instructor sa pagpabuti ng kakayahang sosyolingguwistika. Ang mataas na mean na nakuha sa kasalukuyang pag-aaral ay sumuporta sa mga natuklasang ito na nagpahiwatig ng positibong epekto ng nasabing kakayahan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

*Kakayahang Functional.* Ang saklaw ng mga mean iskor para sa indikeytor na ito ay mula 3.64 hanggang 3.91. Kabilang sa mga aytem ang *"Mayroon akong kakayahang gumamit ng wika para sa pag-uusap (pagsisimula, pagpapanatili, at pagtatapos ng mga pag-uusap"* na nakapagtala ng pinakamataas na mean iskor na 3.91 habang ang aytem na *"Mayroon akong kakayahang makayanan at maipahayag ang sarili sa isang sitwasyon na walang kalutasan"* ay nakakuha ng pinakamababang mean iskor na 3.74, ang dalawang aytem ay parehong nakategoryang mataas. Dagdag pa rito, ang kabuuang mean na 3.82 na inilarawan bilang mataas. Ipinahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng kakayahang makipag-ugnayan partikular na sa paggamit ng wika para sa pag-uusap. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig na mas komportable ang mga mag-aaral sa pakikipag-usap at pagpalitan ng impormasyon ngunit maaaring mahirapan sa mas kumplikadong sitwasyon ng bukas na talakayan kung saan hindi agad malinaw ang mga solusyon.

Pinagtibay ng resulta ng pananaliksik ang natuklasan sa mga pag-aaral na nagpakita ng mataas na antas ng kakayahang functional ng mga mag-aaral. Ayon kay Alo (2023), mataas ang kakayahang functional ng mga Senior High School na mag-aaral sa pagbahagi ng ideya at pakikisalamuha sa komunikatibong sitwasyon, ngunit nangangailangan pa rin ng pagsasanay sa mas bukas at masalimuot na usapan. Katulad nito, ipinakita nina Terogo et al. (2018) na ang kakayahang functional ay naipamamalas sa mga gawaing tulad ng pagbibigay suhestiyon, paghingi ng paumanhin, at pagdedepensa ng opinyon na mahalaga sa aktibong pakikilahok sa talakayan. Samantala, iginiit nina Montalbo et al. (2023) na higit na nahubog ang kakayahang ito sa aktibong paggamit ng wika sa gawaing pangkomunidad at pakikisalamuha. Ang mataas na mean na nakuha sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpahiwatig na komportable ang mga mag-aaral sa tipikal na pakikipag-usap ngunit nangangailangan pa ng higit na kasanayan sa mas komplikadong sitwasyon ng komunikasyon.

## Makabuluhang Ugnayan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral, Akademikong Motibasyon, at Kakayahang Pangkomunikatibo

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang mga resulta ng pagsusuri ng korelasyon na sinisiyasat ang kahalagahan ng relasyon sa pagitan ng pakikilahok ng mga mag-aaral, akademikong motibasyon

at kakayahang pangkomunikatibo. Ang mga natuklasan ay nagpakita ng katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng pakikilahok ng mga mag-aaral at kakayahang pangkomunikatibo na may r-value na 0.612. Ito ay nagmungkahi ng isang makabuluhang ugnayan kung saan ang pagtaas ng partisipasyon ng mga mag-aaral ay konektado sa pinahusay na kakayahang pangkomunikatibo.

**Talahanayan 4**

*Makabuluhang Ugnayan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral, Akademikong Motibasyon, at Kakayahang Pangkomunikatibo*

| | r | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Pakikilahok ng mga Mag-aaral at Kakayahang Pangkomunikatibo | 0.612 | < .001 | Significant |
| Akademikong Motibasyon at Kakayahang Pangkomunikatibo | 0.516 | < .001 | Significant |
| Pakikilahok ng mga Mag-aaral at Akademikong Motibasyon | 0.613 | < .001 | Significant |

Higit pa rito, ang ugnayan sa pagitan ng pakikilahok ng mga mag-aaral at kakayahang pangkomunikatibo ay estadistikang mahalaga na ipinakita ng p-value na mas mababa sa 0.05. Ang natuklasang ito ay nagpahiwatig na habang tumataas ang partisipasyon o pakikilahok ng mga mag-aaral ay may katumbas na pagpapabuti sa kakayahang pangkomunikatibo na binigyang-diin ang kahalagahan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain sa pag-aaral upang mapaunlad ang mga kasanayan sa wika.

May malinaw na kaugnayan ayon kina Pineda et al. (2021) ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo, kung saan mas aktibo ang mag-aaral, mas epektibo rin ang kanilang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Samantala, ipinakita sa pananaliksik nina Cebrian et al. (2020) na ang kolaboratibong pagkatuto at aktibong partisipasyon sa klase ay may mahalagang papel sa paghubog ng komunikatibong kakayahan. Dagdag pa rito, tinukoy nina Baquero et al. (2018) na ang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pangwika tulad ng pagbigay suhestiyon at pagdepensa ng opinyon ay nakatulong sa paglinang ng kakayahang makipag-ugnayan sa iba. Pinatotohanan ng mga ito ang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral na ang pakikilahok ay mahalagang salik sa pagpapahusay ng kasanayang pangkomunikatibo.

Ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng akademikong motibasyon at kakayahang pangkomunikatibo, na may r-value na 0.516. Ito ay nagmungkahi ng isang makabuluhang koneksyon, kung saan habang tumataas ang akademikong motibasyon, ang kakayahang pangkomunikatibo ay may posibilidad ding bumuti. Bilang karagdagan, ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na ito ay makabuluhan ayon sa estadistika, na ipinakita ng p-value na mas mababa sa 0.05. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na mas may motibasyon sa akademiko ay malamang na magpakita ng mas mataas na antas ng kakayahang makipag-ugnayan, na binigyang-diin ang mahalagang papel na ginampanan ng akademikong motibasyon sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa wika ng mga mag-aaral at pangkalahatang kakayahan sa komunikasyon. Ito ay nagpahiwatig na habang tumataas ang isang salik (pakikilahok, motibasyon, o kakayahang komunikatibo), tumataas din ang isa pang salik.

Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Yunita et al. (2021), ayon sa kanila, positibong

naapektuhan ng motibasyon ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa komunikasyon, partikular sa kanilang pagsusumikap na maging mas mahusay sa paggamit ng wika. Ipinakita rin sa pag-aaral nina Arslan (2021) at Alqahtani (2019) na ang mataas na antas ng akademikong motibasyon ay malapit na kaugnay ng aktibong paglahok sa mga gawaing komunikatibo at mas mahusay na pagsasalita, pagsusulat, at pakikinig sa akademikong konteksto. Pinatunayan ng mga ito ang konklusyon ng pananaliksik na mahalagang salik ang motibasyon sa pagpapaunlad ng kasanayang pangkomunikatibo.

Ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay nagpakita ng katamtamang makabuluhang relasyon sa akademikong motibasyon, na may r-value na 0.613 ($p < 0.05$). Dahil positibo ang r-value, ang relasyon sa pagitan ng pakikilahok ng mga mag-aaral at akademikong motibasyon ay tuwiran. Iminungkahi nito na habang tumataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral, ang antas ng akademikong motibasyon sa mga mag-aaral ay tumataas nang malaki. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral na mas aktibong nakikilahok sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral ay karaniwang nagpakita ng mas mataas na antas ng akademikong motibasyon, na higit pang nagpapalakas ng kanilang pakikilahok sa mga gawaing pang-edukasyon.

Ang ugnayang nakita sa kasalukuyang pananaliksik ay pinagtibay nina Al-Madani et al. (2017), na ang aktibong pakikilahok ay may direktang epekto sa pagbuo ng motibasyong pang-akademiko, partikular sa mga diskursibong gawain sa klase. Samantala, binigyang-diin nina Chou et al. (2020) na ang pakikilahok sa mga kolaboratibong aktibidad ay nagpalalim hindi lamang sa kaalaman kung hindi pati ng interes at motibasyon sa pag-aaral. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Ebrahim et al. (2021) na ang mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa interaktibong pagkatuto ay mas malamang na makaranas ng mataas na motibasyon.

Sa mas malalim na pag-unawa, maaaring ipaliwanag ang mga ugnayang ito gamit ang ilang pangunahing teorya. Ayon sa Social Constructivism ni Vygotsky, ang pagkatuto ay nakaugat sa interaksiyon at kolaborasyon, kaya't ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay nagiging pundasyon ng mas mataas na antas ng kasanayang pangkomunikatibo. Kaugnay nito, binibigyan ng diin ng Self-Determination Theory nina Deci at Ryan ang papel ng tatlong pangunahing pangangailangan na autonomy, competence, at relatedness ang siyang nagpapalakas ng panloob na motibasyon. Sa tuwing natutugunan ng pakikilahok ang mga pangangailangang ito, lalo itong nakapagpapalakas ng akademikong motibasyon. Samantala, ang Engagement Theory nina Kearsley at Shneiderman ay nagsusulong na ang epektibong pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng makabuluhang gawain na nangangailangan ng kolaborasyon at aktibong partisipasyon. Ang pinagsamang pananaw mula sa mga teoryang ito ay nagpapakita na ang ugnayan ng pakikilahok, motibasyon, at kasanayang pangkomunikatibo ay hindi lamang estadistikang datos bagkus malalim na nakaugat sa teoritikal na pundasyon ng edukasyon.

## Mediating Analysis ng Akademikong Motibasyon sa Ugnayan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral at Kakayahang Pangkomunikatibo

Ipinakita sa Talahanayan 5 ang mga direktang epekto ay unang isinasaalang-alang, na nagpakita ng mga estadistikal na makabuluhang ugnayan. Partikular, ang path coefficient mula sa pakikilahok patungo sa akademikong motibasyon (IV→DV) ay 0.579 (SE = 0.075, $p = <0.001$), na sumuporta na may makabuluhang ugnayan ang pakikilahok sa akademikong motibasyon.

Gayundin, ang path coefficient mula sa kakayahang pangkomunikatibo patungo sa akademikong motibasyon (MV → DV) ($\beta = 0.229$, SE = 0.063, $p = < 0.001$) at mula sa

pakikilahok ng mga mag-aaral patungo sa kakayahang pangkomunikatibo (IV → MV) (β = 0.735, SE = 0.060, p = <0.001) ay parehong umabot sa estadistikal na kahalagahan. Ipinahiwatig ng mga resultang ito na ang kakayahang pangkomunikatibo ay may mahalagang papel bilang isang tagapamagitan sa relasyon ng pakikilahok at akademikong motibasyon, kung saan ang mas aktibong pakikilahok ay nagpalakas sa kakayahang makipagkomunika na siya naman nakaambag sa mas mataas na motibasyon sa pag-aaral.

**Talahanayan 5**


*Mediating Analysis ng Kakayahang Pangkomunikatibo sa Ugnayan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral at Akademikong Motibasyon*

| | | | |
|---|---|---|---|
| Independent Variable (IV) | *Pakikilahok ng mga Mag-aaral* | | |
| Dependent Variable (DV) | *Akademikong Motibasyon* | | |
| Mediating Variable (MV) | *Kakayahang Pangkomunikatibo* | | |
| | **Standardized Beta (β)** | **Standard Error** | **p-value** |
| **Direct Effects (IV → DV)** | | | |
| *Pakikilahok ng mga Mag-aaral →* Akademikong Motibasyon | 0.579 | 0.075 | < .001 |
| **Indirect Effects (IV→ MV → DV)** | | | |
| *Pakikilahok ng mga Mag-aaral → Kakayahang Pangkomunikatibo → Akademikong Motibasyon* | 0.168 | 0.048 | < .001 |
| **Total Effects (IV → DV)** | | | |
| *Pakikilahok ng mga Mag-aaral → Akademikong Motibasyon* | 0.748 | 0.061 | < .001 |
| **Path Coefficients** | | | |
| Pangkomunikatibo → *Akademikong Motibasyon* | 0.229 | 0.063 | < .001 |
| *Pakikilahok ng mga Mag-aaral → Akademikong Motibasyon* | 0.579 | 0.075 | < .001 |
| *Pakikilahok ng mga Mag-aaral →* Pangkomunikatibo | 0.735 | 0.060 | < .001 |
| | **R-Squared** | | |
| *Kakayahang Pangkomunikatibo* | 0.375 | | |
| *Akademikong Motibasyon* | 0.407 | | |

Ipinapakita ng Talaguhitan una (1) ang modelo at pinatunayan ang tagapamagitang epekto sa mga relasyon sa pagitan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral (PNM), Akademikong Motibasyon (AcM), at Kakayahang Pangkomunikatibo (Png).

**Talaguhitan 3**

*Ang Path Plot ng Kakayahang Pangkomunikatibo bilang Mediating Variable sa pagitan ng ugnayan ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral at Akademikong Motibasyon*



Batay sa Talaguhitan, ang Pakikilahok at Kakayahang Pangkomunikatibo ay may malakas at may makabuluhang ugnayan, ang Kakayahang Pangkomunikatibo at Akademikong Motibasyon ay may makabuluhan at positibong epekto, at ang Pakikilahok at Akademikong Motibasyon ay may direkta at positibong relasyon. Bukod dito, ang hindi tuwirang epekto ay makabuluhan, gaya ng ipinapakita ng path coefficient na 0.168 (SE = 0.048, $p < 0.001$) sa landas mula sa pakikilahok patungo sa kakayahang pangkomunikatibo patungo sa akademikong motibasyon. Ipinahiwatig nito na ang kakayahang pangkomunikatibo ay nagsisilbing bahagyang tagapamagitan sa relasyon ng pakikilahok at akademikong motibasyon. Sa madaling salita, ang epekto ng pakikilahok sa akademikong motibasyon ay naipapasa sa pamamagitan ng kakayahang pangkomunikatibo, ngunit nanatiling makabuluhan pa rin ang direktang epekto ng pakikilahok kahit isinasaalang-alang ang mediator. Ito ay nagpapakita ng isang bahagyang tagapamagitan kung saan parehong mahalaga ang direktang pakikilahok at kakayahang pangkomunikatibo sa paghubog ng akademikong motibasyon ng mga mag-aaral.

Ang kabuuang epekto ng pakikilahok sa akademikong motibasyon sa pamamagitan ng kakayahang pangkomunikatibo ay 0.735 (SE = 0.060, $p < 0.001$), na nagpatunay ng malakas na pinagsamang epekto ng mga baryabol. Bukod pa rito, ang modelong estadistikal ay may r-squared na 0.375 at adjusted r-squared na 0.407, na nagpahiwatig na ang ugnayan ng mga salik ay nakapagpaliwanag ng 37.5% hanggang 40.7% ng pagbabago sa akademikong motibasyon. Sa kabuuan, ang kakayahang pangkomunikatibo ay nagsilbing tulay na nagpalalim sa impluwensya ng pakikilahok sa akademikong motibasyon, na nagbigay-diin sa papel ng epektibong komunikasyon bilang pundasyon ng makabuluhang pakikilahok at akademikong motibasyon.

## SANGGUNIAN

Abd Rahman, S. N., Razali, A. B., Abd Samad, A., Jeyaraj, J. J., & Abdullah, N. S. (2022). Developing sociolinguistic competence in the ESL classroom: A case study of ESL instructors in a Malaysian university. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/365358996_Developing_Sociolinguistic_Competence_in_the_ESL_Classroom_A_Case_Study_of_ESL_Instructors_in_a_Malaysian_University

Adamma, A. E., Ekwutosim, O. P., & Unamba, E. C. (2018). Influence of extrinsic and intrinsic motivation on pupils' academic performance in mathematics. South Eastern Journal of Research and Sustainable Development, 1(1), 50–59. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED590932.pdf

Alo, R. B. (2023). Sociolinguistic and functional competence of senior high school students. International Journal of Applied Sciences and Education, 4(1), 1–9. https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/258

Aloka, P. J. O., Wara, E. & Odongo, B. C. (2018). Relationship between cognitive engagement and academic achievement among Kenyan secondary school students. Mediterranean Journal of Social Sciences, 9(2), 61–70. https://doi.org/10.2478/mjss-2018-0026

Al-Madani, F. M., & Allaie, N. M. (2017). Classroom interaction and its relationship with student academic achievement and motivation. Journal of Education and Practice, 8(9), 171–178. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1139084.pdf

Almario, M. L. (2018). Epekto ng mga extracurricular activities sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Maynila. Philippine Journal of Education Studies, 32(1), 45–59.

Alqahtani, M. (2019). The effect of motivation on academic performance: A case study of undergraduate students at a Saudi university. International Journal of Education and Practice, 7(4), 258–266. https://doi.org/10.18488/journal.61.2019.74.258.266

Arslan, A. (2021). Academic motivation and language learning strategies: A structural equation modeling study. International Journal of Curriculum and Instruction, 13(1), 560–577. https://ijci.wcci-international.org/index.php/IJCI/article/view/401

Augustyniak, R. A., Ables, A. Z., Guilford, P., Lujan, H. L., Cortright, R. N., & DiCarlo, S. E. (2016). Intrinsic motivation: An overlooked component for student success. Advances in Physiology Education, 40(4), 465–466. https://doi.org/10.1152/advan.00072.2016

Baron, R. M., & Kenny, D. A. (1986). The moderator–mediator variable distinction in social psychological research: Conceptual, strategic, and statistical considerations. Journal of Personality and Social Psychology, 51(6), 1173–1182. https://doi.org/10.1037/0022-3514.51.6.1173

Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action: A social cognitive theory. Prentice-Hall.

Barlow, A., & Brown, S. (2020). Correlations between modes of student cognitive engagement and instructional practices in undergraduate STEM courses. International Journal of STEM Education, 7(1), 18. https://doi.org/10.1186/s40594-020-00214-7

Baquero, M. M., Terogo, L. C., & Santiago, J. R. (2018). Developing communicative competence in ESL learners through functional language use. Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 6(1), 23–32. https://rmrj.usjr.edu.ph/rmrj/index.php/RMRJ/article/view/183

Brown, J., Kim, H. J., & Lee, M. (2018). The role of communication competence in student

participation and achievement in South Korean classrooms. Journal of Educational Psychology, 110(3), 487–498. https://doi.org/10.1037/edu0000211

Cannata, M., Nguyen, T. D. & Miller, J. (2018). Understanding student behavioral engagement: Importance of student interaction with peers and teachers. The Journal of Educational Research, 111(2), 163–174. https://doi.org/10.1080/00220671.2016.1220359

Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE Publications. https://www.sciepub.com/reference/170176

Cebrian, G., Grace, M., & Humphris, D. (2020). Organisational learning towards sustainability in higher education. Sustainability, 12(6), 2545. https://doi.org/10.3390/su12062545

Chou, M. H., Ching, H. Y. H., & Wu, H. C. (2020). Student engagement in online learning: A review of research. Journal of Educational Technology Development and Exchange (JETDE), 13(1), 1–15. https://doi.org/10.18785/jetde.1301.01

Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2000). The "what" and "why" of goal pursuits: Human needs and the self-determination of behavior. In Psychological Inquiry, 11(4), 227–268. https://doi.org/10.1207/S15327965PLI1104_01

Dela Cruz, L., & Muegna, K. J. (2024). Grace under pressure: A multiple case study on Bachelor of Elementary Education-Generalist student-achievers. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(4), 298–311. https://doi.org/10.17613/b3s9b-xke02

Delos Santos, A. P., Rivera, L. T., & Ramos, K. G. (2020). Communication barriers in Philippine classrooms: A study of senior high school students. Asian Education Journal, 12(2), 77–90.

Dipolog, S. B., & Edillion, A. L. G. (2020). Kasanayang pangkomunikatibo: Isang estruktural na panatayang pagdulog. International Journal of Research Studies in Education, 11(7), 73-123. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.315

Ebrahim, A., Shakouri, N., & Barjesteh, H. (2021). Exploring the relationship between students' active participation and academic motivation in EFL contexts. International Journal of Instruction, 14(1), 171–186. https://doi.org/10.29333/iji.2021.14110a

Espiritu, M. B. (2020). Impacts of Cooperative Learning to the Academic Performance of Selected High School Students in a Secondary School in Buenavista, Quezon. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 29(2), 295–303. https://doi.org/10.5281/zenodo.14539077

Firat, M., Kilinç, H., & Yüzer, T. V. (2018). Level of intrinsic motivation of distance education students in e-learning environments. Journal of Computer Assisted Learning, 34(1), 63–70. https://doi.org/10.1111/jcal.12214

Fuertes, M. T., Balaguer, C., Fernández, M. Y., & Fernández-Morilla, M. (2020). Improving communicative competence through social interaction: A service-learning methodology. The Educational Review, USA, 4(11), 199–210. https://doi.org/10.26855/er.2020.11.003

Kearsley, G., & Shneiderman, B. (1999). Engagement theory: A framework for technology-based teaching and learning. Educational Technology, 39(5), 20–23. http://gwu.edu/~etl/guide/engage.htm

Li, S., Zheng, J., & Lajoie, S. P. (2020). The relationship between cognitive engagement and students' performance in a simulation-based training environment: An information-processing perspective. Interactive Learning Environments, 31(3), 1532–1545. https://doi.org/10.1080/10494820.2020.1848879

Littlewood, W. (2014). Communication and group work in Hong Kong secondary schools. Asian Journal of Education, 10(4), 122–135.

Lodico, M. G., Spaulding, D. T., & Voegtle, K. H. (2010). Methods in educational research: From theory to practice (2nd ed.). Jossey-Bass.

Lumbantobing, R., Simanjuntak, M., & Siregar, R. (2020). The use of quantitative methods in educational research: A practical guide. International Journal of Educational Research Review, 5(2), 125–133. https://doi.org/10.24331/ijere.684388

Maranan, S. S. (2018). Intrinsic motivation, academic engagement and academic achievement of senior high school students in a government funded university in Luzon SY 2017–2018 [Master's thesis, Ateneo de Manila University]. Archīum. https://archium.ateneo.edu/theses-dissertations/118

Maruf, M., & Helingo, M. (2023). Exploring the correlation of sociolinguistic competence and speaking proficiency and how learners perceived them. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/376728673_EXPLORING_THE_CORRELATION_OF_SOCIOLINGUISTIC_COMPETENCE_AND_SPEAKING_PROFICIENCY_AND_HOW_LEARNERS_PERCEIVED_THEM

McNatt, D. B. (2020). Service-learning: An experiment to increase interpersonal communication confidence and competence. Education + Training, 62(2), 129–144. https://doi.org/10.1108/ET-02-2019-0039

Montalbo, C. J., Dela Cruz, A. M., & Corpuz, M. T. (2023). Enhancing functional language competence through community-based communication practices. Journal of Contemporary Educational Leadership, 5(2), 45–60. https://journal.jcopublishing.com/index.php/jcell/article/view/352

Mujiono, & Herawati, S. (2021). The effectiveness of e-learning-based sociolinguistic instruction on EFL university students' sociolinguistic competence. International Journal of Instruction, 14(4), 1–16. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1319110.pdf

Ortega-Dela Cruz, R. A. (2020). Pedagogical practice preferences among generational groups of learners: Towards effective twenty-first century higher education. Journal of University Teaching & Learning Practice, 17(5), 1–19. https://ro.uow.edu.au/jutlp/vol17/iss5/6/

Perez, J. M. (2021). Collaborative communication tasks and student self-confidence: A case study in SHS. Philippine Journal of Communication Education, 6(1), 31–44.

Pineda, J. C., & Silva, M. C. (2021). English language communicative competence and learning engagement of senior high school learners: Basis for language instructional pocket. ResearchGate.https://www.researchgate.net/publication/356430227_English_Language_Communicative_Competence_and_Learning_Engagement_of_Senior_High_School_Learners_Basis_For_Language_Instructional_Pocket

Richards, J. C. (2015). Key issues in language teaching. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9781316156819

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2017). Self-determination theory: Basic psychological needs in motivation, development, and wellness. Guilford Press.

Santos, M. B., De Vera, R. M., & Ignacio, F. A. (2021). Academic communication challenges among high school students in the Philippines. Journal of Academic Literacy, 3(2), 52–66.

Serin, H. (2018). The use of extrinsic and intrinsic motivations to enhance student achievement in educational settings. International Journal of Social Sciences & Educational Studies,

5(1), 191–194. https://doi.org/10.23918/ijsses.v5i1p191

Tejada, J. (2022). The simple secrets of student engagement. Teaching Matters. https://teachingmatters.org/insight/the-simple-secrets-of-student-engagement/

Terogo, L. C., Santiago, J. R., & Baquero, M. M. (2018). Developing communicative competence in ESL learners through functional language use. Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 6(1), 23–32. https://rmrj.usjr.edu.ph/rmrj/index.php/RMRJ/article/view/183

Tupas, R. (2019). The role of Filipino as medium of instruction in motivation and participation. Philippine Journal of Linguistics, 50(1), 88–105.

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Cambridge, MA: Harvard University Press.

Yunita, W., Siregar, F. L., & Wibowo, R. A. (2021). Students' motivation and its relationship with English speaking performance. PROJECT (Professional Journal of English Education), 4(2), 210–217. https://doi.org/10.22460/project.v4i2.p210-217

Zaccone, M. C., & Pedrini, M. (2019). The effects of intrinsic and extrinsic motivation on students' learning effectiveness: Exploring the moderating role of gender. International Journal of Educational Management, 33(6), 1381–1394. https://doi.org/10.1108/IJEM-03-2019-0099